

Ateneo de Manila University

**Archium Ateneo**

---

Filipino Faculty Publications

Filipino Department

---

2009

**Ang mga Piling Awit na Isinaplaka ni Atang de la Rama Noong  
Dekada 20 Bilang Tekstong Historiko-Kultural: Ilang Panimulang  
Tala**

Michael M. Coroza

Follow this and additional works at: <https://archium.ateneo.edu/filipino-faculty-pubs>



Part of the [Nonfiction Commons](#)

---

**ANG MGA PILING AWIT NA ISINAPLAKA NI  
ATANG DE LA RAMA NOONG DEKADA 20  
BILANG TEKSTONG HISTORIKO-KULTURAL:  
ILANG PANIMULANG TALA**

*Michael M. Coroza*

**I**sinilang sa Pandacan, Maynila noong ika-11 ng Enero 1902, si Honorata o "Atang" dela Rama ang maituturing na pinakatanyag na mang-aawit na Filipino sa bungad ng siglo dalawampu. Maagang naulila sa ama at ina, pinalaki siya at ang kaniyang tatlo pang kapatid ng isang nagnangalang Pastora Matias na nagkataong asawa ng bantog na musiko at manlilikha ng mga sarsuwela na si Leon Ignacio. Bunga nito, at sanhi na rin marahil ng kaniyang likas na talino sa pag-awit, maaga siyang napasok sa daigdig ng musika at tanghalan. Sa gulang na labinlima, siya ang itinampok na Angelita sa sarsuwelang *Dalagang Bukid* na sadyang sinulat para sa kanya nina Leon Ignacio at Hermogenes Ilagan. Sa pagtaya ni Nicanor G. Tiongson, ang sarsuwelang nabanggit ang pinakamaraming ulit na naipalabas (humigit-kumulang sa 1000 pagtatanghal) sa kasaysayan ng teatro sa Filipinas hanggang sa kasalukuyan.<sup>1</sup>

Pinakamalaki ang bayad na tinatanggap ni Atang bilang mang-aawit sa sarsuwela noong kaniyang kapanahunan. Ayon kay Tiongson, sampung piso kada palabas, doble ng bayad sa artistang lalaki.<sup>2</sup> Sa mga minsanang pagtatanghal tulad halimbawa sa Grand Opera House, sumasahod siya ng dalawampung piso.<sup>3</sup> Inilibot din ang kaniyang mga pagtatanghal sa malalayong lalawigan sa buong kapuluan at inawitan niya ng kundiman ang mga Ita ng Zambales at Sierra Madre, mga Bagobo ng Davao, at ang iba pang Lumad ng Mindanao.<sup>4</sup> Sa pagtataguyod ng ilang impresaryong Amerikano, apat na ulit siyang lumabas ng bansa (1922, 1926, 1936 at 1940)

upang makapagtanghal sa Hong Kong, Shanghai, Tokyo, at sa mga lungsod ng Amerika na kinaroroonan ng malalaking bilang ng mga Filipino gaya ng Hawaii, San Francisco, at New York.<sup>5</sup>

Walang alinlangang siya ang prima donna ng awit at tanghalang Filipino noong kanyang panahon. Nang mapangasawa niya ang makata at lider manggagawa-politikal na si Amado V. Hernandez noong 1932, at bunga nito ay nasangkot siya diumano sa mga progresibong pagkilos, lalong naging maalamat ang pangalang Atang Dela Rama.<sup>6</sup> At isang nararapat na pagdakila ang pagkilala sa kaniya bilang Pambansang Alagad ng Sining para sa Musika at Tanghalan noong 1987.<sup>7</sup>

Ngunit sa kasalukuyang henerasyon ng mga Filipino talagang isa na lamang alam si Atang Dela Rama. Hindi na siya kilala ng mga kabataan, kahit ng marami sa mga estudyante ni Michael L. Tan sa UP.<sup>8</sup> Totoong marami ang nagsulat tungkol kay Ka Atang, at may mangilan-ngilan ding mapapanood na video ng mga panayam sa kaniya, ngunit maliban sa ilang retrato na hindi kailanman karirangan ng kaniyang tinig sa pag-awit, walang ibang paraan upang masaksihan natin ang mga pagtatanghal niya noong kaniyang kapanahunan. Hindi pa kasi uso noon ang videocam o cassette recorder. Kahit ang kaniyang mga naisaplakang kanta ay hindi nakolekta. Kaya nga ang laki ng panghihinayang ni Nicanor G. Tiongson:

*As early as 1926, her melliflous voice had already been recorded by RCA when she made a stop-over in Japan. Unfortunately, her collection of records was either lost or destroyed during the bombing, gunfights, conflagration and general chaos that attended the Japanese occupation of the country.<sup>9</sup>*

Tulad ng minsang nabanggit ko na sa kaso ng isa pa ring Pambansang Alagad ng Sining para sa Musika na si Levi Celerio, nagiging hungkag ang anumang pagdakila na hindi nasusuhayan ng masisinop na pagbasa o mapanuring pagpapahalaga.<sup>10</sup> Ang halaga ni Atang bilang artista, higit sa lahat, ay nasa kaniyang mga pagtatanghal. Ngunit natitiyak kong wala ni isa sa ating lahat dito ang nakasaksi sa alinman sa kaniyang mga palabas.

Ang pagkakasuklas ni Nestor Vera Cruz, kolektor ng mga plakang luma at may-ari ng Yesteryear Music Gallery and Café na nasa Kalye Maginhawa sa UP Village, Lungsod Quezon, sa sampung kantang naisaplaka ni Atang Dela Rama sa Columbia Records noong dekada dalawampu ay nagbibigay sa atin ngayon ng pagkakataong makilala at mapahalagahan ang kaniyang sining. Inilabas ng Tawid Publications noong nakaraang taon ang nasabing sampung awit sa isang cassette tape na pinamagatang "Kamuning: A Vintage Recording."

Sa pagkakataong ito, ibig kong linawin na hindi pagpapahalaga lamang sa sining ni Ka Atang ang ibig kong isakatuparan. Higit na layunin kong ipakita na ang mga awiting naisaplaka noong dekada dalawampu, tulad ng mga awitin ni Ka Atang, ay maihahanay sa mga tinatawag na popular na teksto ni Soledad S. Reyes, na nakikita bilang mga konstruksiyon at nasusuri bilang bahagi ng malawak na sistemang kultural.<sup>11</sup>

#### **Ang Awit sa Plaka Bilang Teksto**

Novelty ang turing sa plaka sa Filipinas hanggang noong bago magdekada pitumpu. Unang-una na, hindi ito ang pangunahing pinagkakakitaan ng mga mang-aawit. Sa bungad ng siglo dalawampu, ilan-ilan lamang at tanging mga maykaya sa buhay ang nakabibili ng ponograpo. Live performance ang higit na tinatangkilik ng mga tao. Bagay itong pinatutunayan ng pagdami ng mga tanghalang nagpapalabas ng mga sarsuwela tulad ng Teatro de Binondo, Teatro Zorilla, at Teatro Tagalo de Tondo sa pagtatapos ng siglo labinsiyam, at ng Manila Grand Opera House at Teatro Libertad na naging mga sentrong kultural na pinagtatanghalan ng mga sarsuwela at bodabil sa pagdating ng mga Amerikano.<sup>12</sup> Gayundin, kabi-kabila ang pag-anyaya sa mga tanyag na mang-aawit upang magtanghal sa mga pistang bayan sa malalayong lalawigan.<sup>13</sup>

Ito rin marahil ang dahilan kung bakit nahihirapan tayong maghanap ng mga plaka noong panahon ni Atang Dela Rama. May limitadong sirkulasyon lamang ang mga ito at tila mga

rekuwerdong hindi lubos na napahalagahang itago para sa pagsusuri ng hinaharap maging ng mga mismong mang-aawit na nagsaplaka. Hindi nakapagtago si Ka Atang ng kaniyang mga sariling plaka. Isaalang-alang pa ni hindi kompanyang Filipino ang gumawa ng mga plaka ni Ka Atang. Kung totoo ang sinabi ni Nicanor Tiongson na sa Japan nagrekording si Ka Atang noong 1926 sa ilalim ng RCA Victor, lalong malaking katanungan ngayon kung paano naipamahagi ang mga ito sa Filipinas.

Marami ring katanungan ang ibinubunsod ng pagsasaplaka ni Ka Atang ng ilang awit sa isang Amerikanong kompanya ng plaka. Una, hindi kaya bahagi lamang ito ng malawakang proyekto ng pangangalap ng mga Amerikano ng mga katibayan ng ating kahinaan bilang isang lahi? Ikalawa, kung pangangalakal man ang intensiyon, hindi marahil ang mga Filipino sa Filipinas ang target na pagbentahan ng mga plaka. Tulad ng binanggit ni Tiongson, apat na ulit lumabas ng bansa si Ka Atang upang magtanghal sa mga pook sa Amerika na kinaroroonan ng maraming Filipino gaya ng Hawaii at San Francisco. Hindi kaya nilikha ang mga plaka ni Ka Atang upang ibenta sa mga Filipinong nandayuhan sa Amerika? Sang-ayon kay Nestor Vera Cruz, bukod sa mga awiting Tagalog, ang marami sa mga sinaunang plakang likha noong dekada dalawampu na nasa koleksiyon niya ay mga awiting Ilokano. Hindi kaya para sa mga kaangkan ni Carlos Bulosan na nandayuhan sa Amerika ang nasabing mga plaka?

Mga katanungan itong masasagot ng higit na masinsinan at magastos na pagsasaliksik sa hinaharap. Sa ngayon, hindi tayo malilihis kung sasabihin nating ang mga isinaplaka noong dekada dalawampu ay mga popular na kanta na inaawit-awit sa live performances sa teatro man o pistang bayan. At ang mga awit na ito bilang mga teksto nang panahong iyon, ay maaaring magsilbing pinto o lagusang historiko-kultural upang mailarawan ang buhay at pamumuhay nang mga panahong iyon. Sabi nga ni Michael L. Tan tungkol sa cassette tape ng mga awit ni Ka Atang, "The cassette gives us glimpses into what Filipino society was like in the 1920s."<sup>14</sup>

### Ang "Kamuning"

Isang tipikal na eksenang pansarsuwela ang dramatikong sitwasyon ng kundimang "Kamuning" na may musikang likha ni Santiago S. Suarez at may titik ni Jose Corazon de Jesus, ang pinakabantog na makata at hari ng Balagtas sa unang hati ng siglo dalawampu. Inihihimutok ng persona ang pagkakawalay niya sa kaniyang minamahal na nang lumisan ay nag-iwan ng bulaklak ng kamuning.

*Isang gabing sakdal panglaw  
Noong tayo ay magkahiwalay,  
May sangla kang ibinigay,  
Bulaklak ay iyo pang-hinagkan.*

Sa isang tipikal na sarsuwela, gaya ng Walang Sugat, umaalis ang sintang lalaki upang sumama sa himagsikan. Ang sintang babae ay naiwan sa paghihinaggis at buo ang pag-asang magbabalik ang kasintahan. Sa madali't salita, tawag ng paglaya ang sanhi ng kanilang paghihiwalay at walang magagawa ang kasintahang babae kundi ang magparaya sapagkat ang nasasaalang-alang ay ang kapakanan ng bansa.

Kahit malaon nang hindi sila nagkikita at tuluyan nang nalanta ang kamuning, na bukod sa uri ng kahoy na ginagamit sa pagsusuhay sa mga pumpon ng bulaklak ay ginagamit din sa paggawa ng mga puluhan ng mga sandatang de-talim gaya ng itak at iba pa, iginigiit ng persona na walang kamatayan sa kaniyang puso ang bulaklak na sangla ng kaniyang kasintahan.

*Sa dati ring luksang hardin  
Hinahanap-hanap kita  
Ngunit hindi ka mapansin  
Saan ko man ibaling ang mata.*

*At kung tunay mang nalaing  
Kamuning mo ay nalanta  
Naririto sa puso kong dalisay  
Isang sanglang walang kamatayan,  
Kamuning ng aking buhay.*

Ang pagbabalik ng kasintahan ay tanda ng tagumpay sa labanan. Nangangahulugan, kaalinsabay ng paglaya ng sinta sa hinagpis at pagdurusang sa pagkakawalay sa minamahal, lumaya na rin ang bayan sa hinagpis at pagdurusang dulot ng mananakop na kaaway. Kaya isang birtud ang pagpaparaya at ang walang pagbabawang pag-asa at paghihintay sa pangako ng paglaya.

Sa kalakarang intelektuwal at pansining sa bungad ng siglo dalawampu, ang isang sitwasyon ng pagkakawalay sa minamahal ay maaaring makita bilang sitwasyon ng pagkakawalay sa bayan o sa layang minimithi ng bayan. Dahil sinusupil ng mga mananakop na handang magkulong o bumitay sa sinumang magpapasimuno ng pagtuligsa o magpapahiwatig man lamang ng mga damdaming makabansa, patalinghagang inihahayag ng mga alagad ng sining ang doktrina ng katubusan. Sa ganitong konteksto nalikha ang “Kamuning” at ang iba pang kundiman sa bungad ng siglo dalawampu. Mismong ang kundiman ay naging sagisag ng pagka-Filipino na kailangang buuin at ipalaganap upang ganap na igalang ng mga mamamayan ang kanilang sarili at upang matutuhan din silang igalang ng ibang mga lahi sa daigdig. Ayon nga kay Ramon P. Santos:

*Under the American colonial administration, the spirit of nationalism permeated the literary and theater genres, including the zarzuela; for this creative artists and producers were severely chastised for their dramatic works' seditious contents. Filipino society was looking to its creative artists for the construction of concrete symbols of 'Filipino-ness' by which the nation and its people could develop self-respect and respectability in the global community.<sup>15</sup>*

### Ang “Paganito at Paganyan”

Inialingawngaw ng “Paganito at Paganyan” ang mga mahahayap na patama o panunuligsa ni Jose Corazon de Jesus sa kaniyang patulang-tudling na Buhay-Maynila sa Taliba sa kabuuan ng dekada dalawampu. Isang komentaryo ito sa “bisyon manggaya” ng mga Filipino:

*Ang balana'y nagsasabi  
Tayong mga Pilipino  
Madaling nakigagaya  
Sa lahat ng mga bisyo.*

*Nang makita raw si Quezon  
Na nagsasayaw ng tango  
Ay nagtango namang lahat  
Pati po si Pareng Tiago.*

*Nang makita ro'n sa sine  
Ang bigote po ni Chaplin  
Nagbigote namang lahat  
Ang binata po sa atin.*

Sa isang kamalayang kolonyal, mabuting bagay na gagarin ang mananakop. Tanda ito ng pagsulong o pagiging moderno. Higit na nagmumula ang puna ng persona ng awit sa sentimyentong mapagsarili at mapagpalaya na may kultura tayong sariling atin na dapat pagyamanin. Mensaheng iginigiit ng awit na ang pagpipilit na magmukhang dayuhan ay isang pagyurak sa dangal at pagpapaalipin. Isang pagtatakwil sa pinag-ugatan. Ang mga Filipinong gumagagad sa gawi ng mga mananakop ay umaani ng paglibak. *"A much maligned character – male or female – was the Americanized Filipino, the native who affected the manners and lifestyle of the colonizer."*<sup>16</sup>

### **Ang "Bibingka"**

Tila isang diyalogo at kanta na buhat sa isang sarsuwela o isang akto sa bodabil ang awit na "Bibingka" na inawit sa sabayang-tinig nina Atang Dela Rama at Vicente Ocampo. Kapansin-pansin dito ang pilyong paglalaro ng salita na, sa tahasang sabi, ay tumutukoy sa sex. Isang pagkawala at pagwawala ang awit na ito sa censura na nauso noong panahon ng mga Kastila. Ang totoo, iniaalingawngaw ng awit ang anyo ng mga sinaunang tula-awit na itinuring na bastos o malaswa ng mga misyonero.



*Ang bibingka kung lutuin  
Ay kaiba sa lahat,  
May apoy pa sa ilalim,  
May apoy pa sa itaas.*

*Alam kong ika'y sa 'kin ay may gusto  
Dahilan sa bibingka ko.  
Talagang espesyal nga po ito,  
Maraming itlog at keso.*

*Si Tatay at si Nanay  
Minsan ay nagkagalit  
Dahilan nga po si bibingka  
Ayaw ni Tatay kung malagkit.*

*Ang bibingka kung lutuin  
Ay kaiba sa lahat,  
May apoy pa sa ilalim,  
May apoy pa sa itaas.*

Agad na mapararatangang “baboy” ng isang sarado-Katoliko ang ganitong awitin. Maituturing na pagbaba ng moralidad bunga ng pagkatuto ng sakop na Filipino ng mga balighong pagpapahalaga ng mga Amerikano. Ngunit kung tutuusin, paglaya ito ng higit na katutubong pagtanaw o pagpapahalaga na masasalamain sa isang bugtong tungkol sa itak o gulok na may kaluban:

*Sa bahay iniyot,  
Sa parang binunot.*

### **Paglalagom**

Masasabing insidental lamang sa panayam na ito ang pagbanggit o pagbabalik kay Atang Dela Rama. Ang hinangad na maipakita rito ay kung paanong ang mga plaka ng mga awiting Filipino noong dekada dalawampu, tulad ng mga awiting isinaplaka ni Atang Dela Rama, ay magagamit bilang tekstong historiko-kultural na kritikal na masusuri at mapaghahanguan ng mga

pagpapakahulugan sa lipunan at panahon ng pagkakalikha sa mga ito. Gayunman, hindi maikakaila na si Atang Dela Rama ang pangunahing mang-aawit sa kaniyang panahon, at dahil dito marahil kung bakit tanging ang mga awitin pa lamang niya ang nahahalukay sa ngayon.

Maraming tanong kaysa sagot ang ibinigay sa panayam na ito. Una, kung magkakaroon ng seryosong pagtuturing sa mga isinaplakang awitin noong unang tatlong dekada ng siglo dalawampu, mahalagang matiyak ang materyalidad ng mga plakang ito: Paano at para sa ano nilikha ang mga ito? Ikalawa, kailangan ding masaliksik ang resepsiyon ng mga Filipino sa mga plakang ito. Sa gayon, makalilikha ng pag-iiba sa pagitan ng bisa ng live performance na higit na kaugnay ng tradisyong oral sa Filipinas at sa kulturang plaka na bahagi ng modernisasyong hatid ng kolonyalismong Amerikano.

Sa tingin ko, may binubuksang bagong landas sa larangan ng pananaliksik sa kasaysayan at kulturang popular ang mga nahalukay na sinaunang plaka ni Atang Dela Rama. Dahil sa bagong dimensiyong ipakikita nito, hindi magiging “parang sirang plaka” o paulit-ulit na lamang ang mga pagtanaw sa kasaysayan at kultura ng ating bayan.

#### SANGGUNIAN

---

<sup>1</sup> Nicanor G. Tiongson, “The Once and Future Star,” sa Herminio S. Beltran Jr., ed. *The National Artists of the Philippines* (Maynila: Cultural Center of the Philippines, National Commission for Culture and the Arts, at Anvil Publishing, Inc., 1998), p. 99-100.

<sup>2</sup> *Ibid.*, p. 101.

<sup>3</sup> Cristina Laconico-Buenaventura, *The Theater in Manila 1846-1946*, Ikalawang edisyon (Maynila: De La Salle University Press, Inc., 1998), p. 88.

<sup>4</sup> Tiongson, “The Once and Future Star,” p. 103.

<sup>5</sup> *Ibid.*

<sup>6</sup> *Ibid.*, p. 105.

<sup>7</sup> *Ibid.*, p. 106.

---

<sup>8</sup> Michael L. Tan, "Vintage Recordings," [www.inq7.net/opi/2003/jul/31/text/opi\\_mltan-1-p.htm](http://www.inq7.net/opi/2003/jul/31/text/opi_mltan-1-p.htm). Sabi niya, "When I asked my students who Atang de la Rama was, most of them had blank faces. As I explained her rather colorful life, you could see the students' faces perking up as they realized that Atang was honored for her contributions to popular culture, with a mixed repertoire of the 'sarsuela,' 'kundiman' and vaudeville songs."

<sup>9</sup> Ibid., p. 104.

<sup>10</sup> Michael M. Coroza, "Ang Awit Bilang Tula o si Levi Celerio Bilang Makata," *Bulawan* 11 (2004): 39.

<sup>11</sup> Soledad S. Reyes, "Subverting Colonialism in Philippine Popular Texts, 1900-1940," *Bulawan* 11 (2004): 21.

<sup>12</sup> Cristina Laconico-Buenaventura, *The Theater in Manila*, p. 1-85.

<sup>13</sup> Tiongson, "The Once and Future Star," p. 101.

<sup>14</sup> Michael L. Tan, "Vintage Recordings," [www.inq7.net/opi/2003/jul/31/text/opi\\_mltan-1-p.htm](http://www.inq7.net/opi/2003/jul/31/text/opi_mltan-1-p.htm).

<sup>15</sup> Ramon P. Santos, "Language, Poetry, and Drama in the Art Music of Nicanor Abelardo," *Bulawan* 10 (2004): 9.

<sup>16</sup> Soledad S. Reyes, "Subverting Colonialism....," p. 13.